

Contents

- 2 日本語版
- 4 Bản tiếng Việt [ベトナム語版]
- 6 中文版 [中国語版]
- 8 Bersyon sa Pilipino [フィリピン語版]
- 10 Edisi Bahasa Indonesia [インドネシア語版]
- 12 ภาษาไทย [タイ語版]
- 14 ភាសាខ្មែរ [カンボジア語版]
- 16 မြန်မာဘာသာ မူ [ミャンマー語版]
- 18 Монгол хэл дээрх хувилбар [モンゴル語版]
- 20 English Version [英語版]

こくごのもり

小学低学年の児童を対象に国語の楽しさを知ってもらおうと、イラストを多用してつくった問題で「毎日小学生新聞」に長期連載。

©毎日小学生新聞 複製、転用はできません

カードに書かれた字を全部使って、一つの漢字にしましょう。

指導・元世田谷区立
小学校教諭
高橋 裕子
イラスト・奈良 恵

こくごのもり

こくごのもり

答えはP22にあります。

Kaibigan ng mga teknikal intern trainees

Isyu ng Abril 2020

Ang pag-aaral ng Wikang Hapon at ang pagsusulit sa wikang ito

Ang pangunahing layunin ng mga intern at teknikal intern trainees ay makakuha ng pang-industriyang skills, techniques at kaalaman, ngunit kung marunong kang magsalita ng Wikang Hapon, magiging mas madali ang makipag-usap sa mga Japanese sa paligid ninyo, lalalim ang pang-unawa sa teknikal na pagsasanay, maiiwasan ang paglitaw ng produktong may sira, maiiwasan ang aksidente sa trabaho at pang-araw-araw na pamumuhay.

Ang JITCO ay mayroong "Japanese Essay Contest para sa mga Dayuhang Intern at Technical Intern Trainees" bawat taon upang suportahan ang kanilang kakayahan sa Wikang Hapon. Hinihikayat namin na makilahok kayo at subukan ang essay contest upang maipakita ang kakayahan sa Wikang Hapon. (tingnan din ang column sa ibaba)

Sa palagay namin ay marami sa inyo ang interesado sa pagkuha ng test o pagsusulit ng Wikang Hapon bilang isang paraan upang ipakita ang inyong kakayahan sa Wikang Hapon.

"Ang Wikang Hapon na natutunan ay nabigyan ng mataas na pagsusuri at na-promote sa kompanyang pinagdalhan", "Tinanggap ng isang kompanya ng Hapon upang gamitin ang kakayahan sa Wikang Hapon", "Nagtayo ng sariling kompanya at nagsimulang makipag-negosyo sa kompanya ng Hapon", ito ay ilan sa mga sinabi ng mga naunang seniors(senpai) ninyo pagkatapos umuwi sa kanilang bansa. Upang direktang maiugnay ang kasanayan sa Wikang Hapon sa career sa trabaho, kinakailangan na gumawa ng mga layunin na hakbang tulad ng mga pagsusuri at pagsusulit.

Maraming pagsusulit ang sumusukat at sumusuri sa kakayahan sa Wikang Hapon ng mga dayuhan ngunit sa pagkakataong ito, ipakikilala namin ang **Japanese Language Proficiency Test (JLPT)**, na may pinakamaraming bilang na kumukuha ng pagsusulit.

Ang JLPT ay nahahati sa limang antas, mula sa pinakamadaling N5 hanggang sa pinakamahirap na N1, at kadalasang kinukuha ng mga teknikal intern trainees ay ang N4 o N3. Ang mga halimbawa ng mga tanong sa bawat antas ng pagsusulit ay matutunghayan sa homepage (<http://www.jlpt.jp/>)

Bakit hindi mo subukan ito (sa online lamang maaaring mag-aplay ng pagsusulit).

Ang pagsusulit ay isinasagawa nang dalawang beses sa isang taon (Hulyo at Disyembre) sa 47 na prefecture sa buong Japan at gayundin sa ibang bansa, at ang deadline ng aplikasyon para sa Hulyo ay sa bandang huli ng Abril. Nangangailangan ng patuloy na pag-aaral upang matutunan ang Wikang Hapon, at mahirap din ang pumasa sa pagsusulit sa pansamantalang pag-aaral lamang.

Bilang karagdagan sa pagsisikap na masagutan ang mga katanungan ukol sa pagsusulit, isulat din ang mga sagot sa isang hiwalay na sheet paper upang maaari kang mag-aral nang maraming beses, basahin nang malakas ang mahahabang pangungusap at mga tanong nito, at paulit ulit na makinig sa audio file para sa listening comprehension. Kung nagpapalano kang kumuha ng pagsusulit, maaari kang kumonsulta sa iyong pinagtatrabahuan o sa tauhan ng kompanya tungkol sa pagkuha ng pagsusulit. Tanungin ang iyong Japanese instructor at mga seniors(senpai)ninyo sa lugar ng trabaho para sa payo sa pag-aaral ng Wikang Hapon. Maaaring mahirap matutunan ang Wikang Hapon, ngunit inaasahan namin na ikaw ay magkakaroon ng motivation.

☆ Tanggapan ngayon ☆

Impormasyon sa ika-28 na Japanese Essay Contest ng mga Dayuhang Technical Interns at Trainees

Nagsimula na ng Abril 1 ang tanggapan ng nais sumali sa Japanese Essay Contest ng mga dayuhang teknikal interns at trainees. Ang deadline ay hanggang Mayo 11 (Lunes).

Para sa detalyadong gabay sa paglahok, tunguhayan sa "website ng JITCO (<https://www.jitco.or.jp/>), 「JITCO Japanese Teaching Materials Hiroba site」 (<https://hiroba.jitco.or.jp/>) Ito ay naka-post sa "Notice" ng Pebrero 3, 2020.

Taon-taon ay marami ang sumasali. Inaanyayahan namin kayo na lumahok sa contest.

Aksidente sa bisikleta at patakaran ng Japan

Maraming mga intern at teknikal intern trainees na karaniwang gumagamit ng mga bisikleta sa Japan, ngunit ang mga aksidente na nahagip ng kotse habang nakasakay sa isang bisikleta at naging mga biktima, o kaya naman nahagip ng bisikleta ang tao ay parehong aksidente na nangyayari. Ang mga aksidente sa trapiko ng mga intern at teknikal intern trainees ay madalas na sanhi ng kawalan ng karanasan sa mga patakaran ng trapiko ng Japan. Ang "Living and Employment Guidebook" para sa mga dayuhan na nakatira sa Japan na naka-post sa "Foreigners Support Life Portal Site" na nasa homepage ng Ministry of Justice, ay naglalarawan ng intersection na kadalasan ay isa sa mga lugar na nagkakaroon ng aksidente at mga patakaran sa pagsakay para sa mga bisikleta.

Mga panununtunan sa intersection

Kapag liliko sa kanan [pag mayroong traffic light] Sa berdeng ilaw, dumirecho sa kaliwang bahagi ng intersection hanggang sa malayong corner, huminto at baguhin ang direksyon. Matapos maging berde ang nakaharap na signal, suriin ang kaligtasan sa harap, likuran, kaliwa at kanan at dumirecho.

[pag walang traffic light] Suriin ang kaligtasan sa likod, dumirecho sa kabilang panig sa kaliwang gilid ng kalsada, suriin ang kaligtasan, lumiko pakanan at dumirecho.

Kapag liliko sa kaliwa Huwag hadlangan ang trapiko ng mga naglalakad na tumatawid sa kalsada kung saan ka lumiko pakaliwa.

Kapag may stop sign, atbp. 「Stop」 Kung mayroong sign, siguraduhing huminto at suriin ang kaligtasan sa kanan at kaliwa bago magpatuloy. Kung tumatawid ka sa isang intersection na mahirap makita o tumawid sa isang malawak na kalye, itigil at suriin ang iyong kaligtasan.

Kapag mayroon tawiran ng bisikleta Sa intersection o kung may malapit doon na tawiran ng bisikleta, doon dumaan.

(Mula sa "Living and Employment Guidebook" na pinangangasiwaan ng Immigration at Immigration Service)

Foreigners Support Life Portal Site

(Japanese)	http://www.moj.go.jp/nyuukokukanri/kouhou/nyuukokukanri10_00055.html
(Yasashi Nihongo)	http://www.moj.go.jp/nyuukokukanri/kouhou/nyuukokukanri10_00062.html
(English)	http://www.moj.go.jp/nyuukokukanri/kouhou/m_nyuukokukanri10_00006.html
(Vietnamese)	http://www.moj.go.jp/content/001304607.pdf

Naglathala rin ang JITCO ng isang libro na may pamagat na "Japanese Life Guide," na naglalaman ng iba't ibang impormasyon, kabilang na ang mga patakaran sa trapiko, upang ang mga teknikal intern trainees ay madaling masanay na manirahan sa Japan at mabuhay ng isang komportableng buhay. Ang pag-alam ng mga patakaran ng lipunang Hapon, hindi lamang sa transportasyon, ay magbibigay ng ligtas at seguridad sa iyong buhay sa Japan. Ang librong ito na nasa Wikang Hapon ay mayroong bersyong Vietnamese, bersyong Chinese, bersyong Pilipino, bersyong Indonesian, bersyong Thailand, bersyong Cambodian, bersyong Myanmar, bersyong Mongolian, bersyong English, bersyong Laos, bersyong Sinhalese, bersyong Nepalese at mabibili ito sa JITCO Publishing Center.



ALAMIN NATIN ANG KALOOBAN NG MGA HAPON SA PAMAMAGITAN NG MAN-GA

— Maglagay ng isa sa bag —



Si Marui san na nagsisi dahil umalis siya na hindi nagdala ng payong.

Ayon sa isang survey, ang mga Hapon ang Number 1 sa buong mundo sa bilang ng mga tao na nagdadala ng payong.

Maraming tao ang naglalagay ng kanilang natitiklop na payong sa kanilang mga bag kapag lumabas sa kaso ng biglaang pag-ulan, at ang bilang ng mga functional na natitiklop na payong ay nadaragdagan din, tulad ng ultra-lightweight, pwedeng gamitin sa ulan o araw, matibay sa malakas na hangin, at iba pa.

◆こくごこたえ

⑦ 親 ⑤ 船 ③ 校 ① 岩
⑥ 語 ④ 寺 ② 森

紙の上にはばらばらに置かれた字。どれも一つの字です。それらをみんな集めて、新しい一字にします。一つの字になる時に、どこかが微妙に変わるものもあるでしょう。漢字は意味を持つ字ですが、別の文字と組み合わせると、新たな意味を持つことにも気づけるといいですね。

Các bạn hãy nhìn những chữ riêng rẽ trong những hình vuông dưới đây. Mỗi chữ trong ô đều là 1 chữ riêng biệt, có nghĩa. Nhưng nếu tập hợp những chữ riêng lẻ đó lại thì chúng ta sẽ có 1 chữ mới. Khi kết hợp trong một chữ, cách viết mỗi chữ có ít nhiều thay đổi. Mỗi từ kanji (chữ Hán) đều có nghĩa nhưng nếu kết hợp với nhau thì chúng sẽ trở thành 1 từ mới. Hy vọng các bạn nhận ra được điều đó.

纸上七零八落地排列着一些文字。每一张都是一个文字。把这些集中在一起组成一个新的文字。变成一个字的时候，在某些地方会有微妙的变化。汉字是表意文字，和别的文字组合在一起又会产生新的意思，希望大家能注意到。

Ang hiwa-hiwalay na nakasulat sa papel ay pare-parehong isang character lamang. Kolektahin ang mga ito at gumawa ng bagong character. Ang ilang mga character ay maaaring magbago nang kaunti kapag sila ay naging isang character.
Ang Kanji ay isang character na may kahulugan, ngunit kapag pinagsama sa ibang character, mapansin ninyo sana na mayroon itong bagong kahulugan.

Huruf yang ditaruh secara acak di atas kertas. Semuanya adalah sebuah huruf. Kumpulkan semuanya dan jadikan menjadi sebuah huruf baru. Pada waktu menjadi sebuah huruf, terkadang ada yang mengalami sedikit perubahan. Semoga dapat menyadari bahwa kanji adalah huruf yang memiliki arti, tetapi jika digabungkan dengan huruf lain maka akan memiliki sebuah arti baru.

ตัวอักษรที่วางกระจายโดยนกระดาษทุกตัวล้วนแล้วแต่เป็นอักษรตัวเดียว เมื่อเอาทุกตัวมารวมกันเป็นอักษรใหม่หนึ่งตัวก็จะมีตรงไหนสักที่ที่เปลี่ยนแปลงไปเล็กน้อย หากสังเกตก็จะเห็นว่า เมื่อนำอักษรคันจิซึ่งมีความหมายในตัวไปรวมเข้ากับอักษรตัวอื่นก็จะมีความหมายใหม่ขึ้นมา

តួអក្សរត្រូវបានដាក់ចែបលំដាប់នៅលើក្រដាស។ មួយណាក៏ជាអក្សរមួយតួដែរ។ សូមប្រមូលអក្សរគ្រប់តួមកផ្គុំគ្នា ដើម្បីបង្កើតអក្សរថ្មីមួយ។ ពេលក្លាយជាតួអក្សរថ្មី កន្លែងខ្លះមានការប្រែប្រួលបន្តិចបន្តួច។ អក្សរកាន់ជី គឺជាអក្សរដែលមានអត្ថន័យ ប៉ុន្តែវាជាការប្រសើរណាស់ដែលអ្នកអាចកត់សំគាល់ថាវាមានអត្ថន័យថ្មីមួយទៀត នៅពេលផ្សំតួអក្សរកាន់ជីផ្សេងៗចូលគ្នា។

တရုတ်ပေါ်မှာ သီးခြားစီ ရှိနေတဲ့ စာလုံးတွေ၊ အားလုံး စာလုံးတစ်လုံးတည်း ဖြစ်ပါတယ်။ ဒါတွေကို စုစည်းပြီး စာလုံးသစ်ဖွဲ့ပါ။ တစ်လုံးတည်း ဖြစ်လာချိန်မှာ မသိသာ ပြောင်းလဲသွားတာလည်း ရှိပါလိမ့်မယ်။ ခန်းဂျီးဟာ အဓိပ္ပာယ်ပါဝင်တဲ့ စာလုံးဖြစ်ပေမဲ့ တခြားစာလုံးနဲ့ ပေါင်းစပ်တဲ့အခါ အဓိပ္ပာယ်သစ်ကို ဆောင်တယ်ဆိုတာကိုလည်း သတိပြုမိနိုင်ပါစေ။

Цаасан дээр дэс дараалалгүйгээр тавигдсан үсэгнүүд. Бүгдээрээ нэг нэг үсэг. Эдгээрийг бүгдийг нь цуглуулаад, нэг шинэ үсэг бүтээнэ. Нэг үсэг болох үедээ аль нэг хэсэг нь ялимгүй өөрчлөгдөх үсэг ч гарах байх. Ханз нь утга илэрхийлдэг үсэг бөгөөд өөр үсэгтэй нийлүүлэхээр, өөр утга илэрхийлдэг болохыг анзаарч чадвал сайн байна.

A number of kanji characters are randomly shown on each piece of paper. They are each an independent character. Put these characters together and create a new character. Note that some may change slightly when they form the new character. You will probably realize that while each kanji character has its own meaning, combining them with different characters allows them to express a new meaning.

技能実習生・研修生向母国語情報誌
技能実習生の友
 2020年4月 春季号
 2020年4月1日発行

発行
 公益財団法人 国際人材協力機構 (JITCO)
 総務部広報室
 〒108-0023
 東京都港区芝浦 2-11-5
 五十嵐ビルディング

電話
 03-4306-1166 (ダイヤルイン)
 JITCO ホームページ <https://www.jitco.or.jp/>